PAGSASALIKSIK
SA BAGONG TIPAN
MGA SAGOT SA MGA TANONG
SA PAGSUSULIT

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Aralin 1
Ang Mundo ng Bagong Tipan

(1) Paglaglalakbay mula sa kanluran hanggang sa silangan, ilista ang tatlong heograpikal na rehiyon ng Palestine.

- Coastal Plains
- Central Highlands
- Jordan Valley

(2) Ano ang kahalagahan ng Samaria sa ministeryo ni Hesus?

Ito ay nasa pagitan ng Judea at Galilea. Ito ay iniiwasan ng karamihan sa mga Hudyo. Si Hesus ay pumunta roon upang maglingkod sa babae sa balon.

(3) Ilarawan ang kaugnayan ni Herodes na Dakila at ng mga Hudyo.

Iginagalang ni Herodes ang mga Hudyo. Muli niyang itinayo ang Templo at sinusunod ang kanilang mga batas sa pagkain. Gayunpaman, labis din siyang naninibugho, pinatay niya ang mga sanggol ng Bethlehem upang patayin ang isang karibal na hari.

(4) Sino sa mga anak ni Herodes ang sangkot sa paghatol at pagpapako sa krus kay Hesus?

Si Herodes Antipas, ang pinuno ng Galilea.

(5) Ilista ang tatlong kontribusyon ng wikang Griyego sa unang iglesya.

- Isang karaniwang wika para sa pagkalat ng ebanghelyo.
- Isang tiyak na wika upang maipahayag ang mga konseptong teolohiko
- Ang Septuagint, ang pagsasalin ng Lumang Tipan sa wikang Griyego

(6) Bigyang kahulugan ang *pax Romana*.

Ang Romanong kapayapaan na nagpahintulot para sa relatibong ligtas na paglalakbay sa buong imperyong Romano.

(7) Ilista ang apat na papel na ginampanan ng sinagoga sa komunidad ng mga Hudyo.

- Relihiyosong pagsamba
- Edukasyon para sa mga bata
- Lokal na korte para sa mga isyu sa relihiyon at sibil
- Pakikipag-ugnayan sa lipunan

(8) Ano ang mga katuruan na nagkakatulad sa mga Pariseo at mga Kristiyano?

- Pagkabuhay na muli,
- Mga anghel,
- Panalangin,
- Darating na Mesiyas,
- At paggalang sa Lumang Tipan.

(9) Anong bagay tungkol sa mga Pariseo ang hinatulan ni Hesus?

Ang kanilang mga ginagawa, hindi ang kanilang mga paniniwala.

(10) Ano ang mga pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng mga Pariseo at mga Saduceo?

Tinanggihan ng mga Saduceo ang mga aklat ng propeta. Tinanggihan nila ang mga orthodox na katuruan ng Hudyo tungkol sa mga anghel, tungkol sa espiritu, at pagkabuhay-muli.

Aralin 2
Ang mga Sinoptikong Ebanghelyo:
Ang Buhay ni Kristo

(1) Bakit tinatawag na Synoptic Gospels ang unang tatlong ebanghelyo?

Nagbibigay ang mga ito ng tatlong pananaw ng parehong mga pangyayari.

(2) Magbigay ng tatlong mga ebidensiya na ang Mateo ay nakaukol sa tagapakinig na mga Hudyo.

Anumang tatlo:

- Hindi nya ipinaliwanag ang mga kaugalian ng mga Hudyo
- Madalas na pagbanggit mula sa Lumang Tipan
- Pagpansin sa katuparan ni Hesus sa propesiya ng Lumang Tipan
- Ang paggamit ng pariralang "Kaharian ng Langit" sa halip na "Kaharian ng Diyos"

(3) Ilista ang tatlong pangunahing tema sa Mateo.

- Si Hesus bilang Hari
- Si Hesus bilang katuparan ng Lumang Tipan
- Mga Sermon ni Hesus

(4) Ilista ang tatlong pangunahing tema sa Marcos.

- Si Hesus Ang Lingkod
- Si Hesus ang Anak ng Diyos
- Ang Lihim ng Mesiyas

(5) Ilista at ipaliwanag ang tatlong tagapakinig na may kaugnayan sa Lihim ng Mesiyas.

- Mga demonyo: Hindi nais ni Hesus ang anumang pakikisama sa kanila.
- Yaong mga pinagaling niya: Nais ni Hesus na maiwasan ang panggigipit ng mga pulutong na naghahanap ng kagalingan
- Mga alagad: hindi pa nila naiintindihan ang kanyang tungkulin bilang Mesiyas

(6) Ano ang alam natin tungkol kay Teofilo? Tungkol kay Lucas?

- Si Teofilo ay isang opisyal ng Roma; marahil isang bagong nagbalik-loob.
- Si Lucas ay isang doktor na Hentil na naglalakbay kasama ni Pablo.

(7) Ano ang itinuturo ng Chalcedonian Creed tungkol sa kalikasan ni Hesus?

Siya ay tunay na Diyos at tunay na tao.

(8) Ilista ang apat na pangunahing tema sa Lucas.

- Si Hesus bilang Anak ng Tao
- Si Hesus bilang Tagapagligtas ng sanlibutan
- Ang kahalagahan ng panalangin
- Ang kahalagahan ng Banal na Espiritu

(9) Ilista ang tatlong halimbawa mula sa Lucas ng ministeryo ni Hesus sa mga mababa ang katayuan sa lipunan.

Anumang tatlo:

- Ang Mga pastol
- Kababaihan sa ministeryo ni Hesus
- Ang mga Samaritano
- Ang magnanakaw sa krus
- Si Zaqueo

(10) Ilista ang tatlong halimbawa ng gawain ng Banal na Espiritu sa panahon ng buhay ni Hesus sa lupa.

Anumang tatlo:

- Si Juan Bautista, si Elisabet, at si Zacarias
- Ang paglilihi kay Hesus
- Si Simeon
- Ang pagbabautismo kay Hesus
- Ang pagtukso kay Hesus
- Ang ministeryo ni Hesus sa Galilea

Aralin 3
Juan: Ang Ebanghelyo ng Paniniwala

(1) Bakit particular na mahalaga ang patotoo ni Polycarp sa pagiging pag-akda ni Juan?

Si Polycarp ay isang alagad ni Juan.

(2) Ano ang layunin ni Juan para sa kanyang ebanghelyo?

"Upang kayo ay maniwala na si Hesus ang Kristo, ang Anak ng Diyos; at upang maniwala na kayo ay magkakaroon ng buhay sa pamamagitan ng kanyang pangalan."

(3) Paano nakikita ang layunin ni Juan sa materyal na kasama sa kanyang ebanghelyo?

- Isinama niya ang pitong "tanda" na nagpapakita na si Hesus ang Kristo.
- Isinama niya ang mga patotoo sa pagiging Diyos ni Hesus.

(4) Ano ang ipinakita ng prologo ni Juan tungkol sa talaangkanan ni Hesus?

Ito ay isang "banal na talaangkanan" na nagpapakita kay Hesus bilang walang hanggang Salita ng Diyos.

(5) Ilista ang pitong "tanda" sa Juan.

- Naging alak ang tubig sa Cana
- Pinagaling ang anak ng isang opisyal sa Capernaum
- Pinagaling ang paralitiko sa Bethesda
- Pagpapakain sa 5,000
- Paglakad sa tubig
- Pagpapagaling ng isang taong ipinanganak na bulag
- Pagbuhay na muli kay Lazaro mula sa mga patay

(6) Magbigay ng tatlong halimbawa ng patotoo ni Hesus sa kanyang pagiging Diyos.

- Patotoo ni Hesus kay Nicodemus.
- Ang patotoo ni Hesus sa babaeng Samaritana.
- Ang patotoo ni Hesus pagkatapos ng pagpapagaling sa tao sa Bethesda.
- Ang patotoo ni Hesus pagkatapos ng pagpapakain sa 5,000.
- Patotoo ni Hesus sa Kapistahan ng mga Tabernakulo.
- Pagpapatotoo ni Hesus na "Bago pa si Abraham, Ako'y Ako na."

(7) Ano ang tugon ng mga pinuno ng mga Hudyo sa pag-angkin ni Hesus sa pagiging Diyos?

Sinubukan nila siyang patayin.

(8) Mula sa "Panalangin ng Punong Saserdote" ni Hesus, anong tatlong bagay ang kanyang ipinanalangin?

- Para sa kanyang sarili: na siya ay luwalhatiin sa pamamagitan ng Ama
- Para sa mga disipulo: na sila ay mapangalagaan at mapabanal
- Para sa lahat ng mananampalataya: na ang kanilang pagkakaisa ay magpatotoo sa mundo

Aralin 4
Ang Aklat ng Mga Gawa at ang Unang Iglesya

(1) Bakit mahalaga ang Efeso para sa estratehiya sa pag-eebanghelyo nii Pablo?

Ito ang kabiserang lunsod ng Romanong lalawigan ng Asia.

(2) Bakit mahalaga ang Roma para sa estratehiya ng pag-eebanghelyo ni Pablo?

Ito ang sentral na lunsod ng Imperyong Romano.

(3) Sino-sinong mga emperador na Romano ang nauugnay sa pag-uusig sa unang iglesya?

Sina Nero at Domitian

(4) Bakit ang petsa sa bandang huli ng 50's o unang bahagi ng 60's ang tinataya para sa mga Gawa?

Sa katapusan ng Gawa, si Pablo ay nasa ilalim ng aresto-sa-bahay. Hindi pa siya naharap sa napipintong pagiging martir.

(5) Ilista ang tatlong aspeto *ng kerygma*, ang pangunahing mensahe na ipinangaral ng mga apostol.

- Ang pagkapanginoon ni Hesu-Kristo
- Ang makasaysayang katotohanan ng ebanghelyo
- Kaligtasan dahil sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya

(6) Sino ang unang martir na Kristiyano?

Si Esteban

(7) Ano ang papel ng pag-uusig sa evangelistic outreach ng unang iglesya?

Itinulak nito ang mga Kristiyano sa kabila ng Jerusalem.

(8) Ano ang pangunahing multi-cultural at iglesyang nagpapadala ng misyonero noong unang siglo?

Ang Antioch

(9) Ilista ang apat na kahilingan na inilagay ng konseho ng Jerusalem sa mga bagong mananampalatayang Hentil.

- Iwasan ang karne na inialay sa mga diyus-diyosan.
- Iwasan ang karne na nabigti.
- Iwasan ang karne na may dugo sa loob nito.

- Iwasan ang sekswal na imoralidad.

(10) Anong mga positibong resulta ang dumating mula sa pagkakahati sa pagitan ni Pablo at ni Bernabe?

- Si Silas ay naging isang mahalagang manggagawa sa iglesya.
- Ang mga pagsisikap ni Pablo at ni Bernabe ay nadoble sa pamamagitan ng kanilang hiwalay na gawain.

Aralin 5
Aklat ng Roma: Ang Katuwiran ng Diyos

(1) Ilista ang tatlong layunin para sa mga Romano.

- Agarang layunin: mga relasyon sa pagitan ng mga Hudyo at Hentil na mga Kristiano
- Personal na pagganyak: suporta para sa ebanghelikong gawain ni Pablo sa Espanya.
- Ang tunay na layunin: turuan kung paano tayo ginagawang matuwid sa harap ng Diyos

(2) Ilista ang apat na mga katotohanan tungkol sa ebanghelyo na matatagpuan sa pagpapakilala sa Roma.

- Ito ay inihula sa Lumang Tipan.
- Itinuturo nito na si Hesus ay tunay na Mesiyas at Anak ng Diyos.
- Ito ang kapangyarihan ng kaligtasan sa lahat ng naniniwala.
- Ipinahayag nito ang katuwiran ng Diyos sa lahat ng naniniwala.

(3) Ilista ang tatlong grupo na itinuturing na nahatulan na sa Mga Taga Roma 1-3.

- Mga Hentil, partikular na ang mga pagano
- Mga Moralista
- Mga Hudyo

(4) Sa Mga Taga Roma 6, ano ang tugon ni Pablo sa isang taong nagtatanong kung maaari tayong patuloy na mamuhay sa kasalanan upang ang biyaya ay maging masagana?

Kapag tayo ay nabautismuhan kay Kristo, tayo ay namatay na sa kasalanan. Hindi na tayo maaaring mabuhay sa kasalanan.

(5) Ano ang tatlong interpretasyon ng Roma 7:7-25?

- Inilalarawan ni Pablo ang normal na buhay Kristiyano.
- Inilalarawan ni Pablo ang isang di-pa pinababanal na mananampalataya.
- Inilalarawan ni Pablo ang isang nagising na makasalanan.

(6) Tumugon si Pablol sa problema ng kawalang-paniniwala ng Israel sa tatlong katotohanan. Ilista ang mga katotohanang iyon.

- Ang mga pangako ng Diyos ay para *lamang* sa mga mananampalataya.
- Ang Israel ay tinanggihan dahil sa kanyang kawalan ng pananampalataya.
- Ang pagtanggi sa Israel ay upang magtuwid, hindi wakas.

(7) Mula sa Roma 12-15, ilista ang tatlong paraan kung paano ipamumuhay ang katuwiran ng Diyos.

Anumang tatlo:

- Gagamitin natin ang ating mga espirituwal na kaloob upang maglingkod sa iba.
- Itituring natin ang iba sa mga paraan na nagpapakita ng mga marka ng tunay na Kristiyanismo.
- Magpapasailalim tayo sa awtoridad ng mga namamahala.
- Tatalima tayo sa batas sa pamamagitan ng pagmamahal.
- Gagawin natin ang prinsipyo ng kalayaan sa pamamagitan ng hindi paghatol sa ating kapatid.
- Isasagawa natin ang prinsipyo ng pag-ibig sa pamamagitan ng hindi paggamit ng kalayaan sa paraang nagiging katitisuran tayo ng isang mas mahinang kapatid.
- Susundin natin ang halimbawa ni Kristo.

Aralin 6
Corinto at Galacia:
Mga Liham sa mga Iglesyang May Kaguluhan

(1) Bakit isang mahalagang lungsod ang Corinto para sa estratehiya sa pag-eebanghelyo ni Pablo?

Ang lokasyon nito ay nagdala ng mga mandaragat mula sa buong imperyo.

(2) Sino ang nagtrabaho kasama ni Pablo sa pagtatanim ng iglesya sa Corinto?

Sina Aquila at Priscila

(3) Anong mga problema sa Corinto ang nag udyok sa 1 Corinto?

- Dibisyon sa iglesya;
- Ang lantad na kasalanan ay pinahihintulutan;
- Ang awtoridad ni Pablo ay hinamon.

(4) Anong parirala ang nagpapakilala sa bawat tanong na sinasagot ni Pablo sa 1 Corinto?

"Ngayon, tungkol sa...."

(5) Ilista ang tatlong tema na tinutugunan ni Pablo sa 2 Corinto.

- Pagtatanggol sa pagiging apostol ni Pablo.
- Pagtatanggol sa integridad ni Pablo.
- Mga plano para sa ikatlong pagdalaw ni Pablo.

(6) Ano ang layunin ng sulat ni Pablo sa mga taga-Galacia?

Upang tawagin sila mula sa maling ebanghelyo ng mga Judaizers tungo sa batas ng pag-ibig.

(7) Ano ang maling katuruan ng mga Judaizers?

"Naligtas tayo sa pamamagitan ng pananampalataya kalakip ng Batas"

(8) Ano ang pagpipilian na inialok sa Galacia?

Kalayaan kay Kristo o pagkaalipin sa laman

(9) Tukuyin ang isang legalista.

Ang isang tao na sumusunod sa batas ng Diyos upang makamit ang kaligtasan.

(10) Sa kanyang pangangatwiran laban sa legalismo, itinuro ni Pablo ang apat na bagay. Ano-ano ang mga ito?

- Karanasan ni Pablo
- Ang karanasan ng mga taga-Galacia
- Ang karanasan ni Abraham
- Ang batas mismo

Aralin 7
Efeso, Filipos, Colosas, at Filemon:
Mga Sulat Mula sa Bilangguan

(1) Kailan at mula saan isinulat ang mga Sulat sa Bilangguan?

Noong unang bahagi ng 60's mula sa Roma.

(2) Bakit walang personal na pagbati ang Efeso?

Dahil ito ay isang ipapaikot na liham na ibabahagi sa Colosas.

(3) Ilista ang dalawang malalaking dibisyon ng Efeso.

- Doktrina: Ang Ginawa ng Diyos para sa Iglesya
- Aplikasyon: Ano ang ginagawa ng Diyos sa Iglesya

(4) Mula sa Mga Taga Efeso 1, ilista ang papel sa ating kaligtasan ng bawat miyembro ng Trinidad.

- Ang Ama: Paghirang
- Ang Anak: Pagtubos
- Ang Espiritu: Pagpapanatili

(5) Ayon sa Efeso 3, ano ang "misteryo ng ebanghelyo"?

Ang paglikha ng iglesya bilang isang katawan na binubuo ng parehong Hudyo at Hentil

(6) Ilista ang dalawang panganib na nakaharap sa iglesya ng Filipos.

- Mga panlabas na pag-atake mula sa mga Judaizers.
- Panloob na pagkakahati.

(7) Sa Mga Taga Filipos 2, ano ang ibig sabihin na si Kristo ay "nagpakumbaba sa kanyang sarili"?

Siya ay naging tao. Hindi niya inaalis ang kanyang pagka Diyos.

(8) Anong tatlong impluwensya ang bumubuo sa maling pananampalataya sa Colosas?

- Orthodox na katuruang Hudyo
- Mistisismo ng Hudyo
- Mga ritwal na pagano

(9) Ilarawan ang *syncretism*.

Ang paghahalo ng higit sa isang relihiyon

(10) Ilista ang tatlong paraan kung paano nangungusap sa Iglesya ngayon ang mga Liham sa Bilangguan.

- Ang doktrina ay kailangang ilapat sa pang-araw-araw na buhay.
- Ang pakikibakang espirituwal ay totoo, ngunit si Kristo ay nanalo na ng pangwakas na tagumpay
- Ang ebanghelyo ng pagkakasundo ay dapat na ipamuhay sa tunay na mundo

Aralin 8
1 at 2 Tesalonica: Ang Pagbabalik ni Kristo

(1) Ilarawan ang mga kalagayan kung saan ang iglesya ay itinatag sa Tesalonica.

Malubhang pagsalungat mula sa mga Hudyo

(2) Ilista ang tatlong paraan kung saan hinihikayat ni Pablo ang iglesya sa Tesalonica sa harap ng pagsalungat.

- Ang katiyakan ng mga panalangin ni Pablo
- Paalala sa sariling paghihirap ni Pablo
- Pasasalamat para sa kanilang katapatan

(3) Ano ang sinabi ni Pablo sa mga taga-Tesalonica tungkol sa mga oras at panahon ng pagbabalik ni Kristo?

Hindi nila kailangan na isulat pa niya ang tungkol dito.

(4) Si Pablo ay nagbibigay sa mga Kristiyanong ito ng tiyak na paghimok tungkol sa pagpapakabanal. Ano ang sinabi niya sa kanila?

Ang Diyos na tumawag sa kanila sa kabanalan ang siya ring magpapabanal sa kanila.

(5) Kung ang pangunahing mensahe ng 1 Tesalonica ay "Babalik si Kristo, ano ang pangunahing mensahe ng 2 Tesalonica?

Hindi pa nagbabalik si Kristo.

(6) Kung susundin natin ang halimbawa ni Pablo, ano ang magiging pangunahing diin natin kapag nangangaral tungkol sa Ikalawang Pagparito?

Paano mamumuhay ngayon bilang paghahanda para sa Ikalawang Pagparito

Aralin 9
Timoteo at Tito: Mga Liham sa Mga Pastor

(1) Ano ang tinatayang petsa para sa Mga Liham sa mga Pastor?

Ang mga ito ay isinulat sa pagitan ng A.D 64 at 67.

(2) Tukuyin ang isang paraan kung paano ipinakikita ng nilalaman ng 2 Timoteo at Tito na si Pablo bilang may-akda.

Alinman sa mga sumusunod:

- Mga personal na pagtukoy sa mga katrabaho
- Mga plano sa hinaharap
- Mga pagtukoy sa nalalapit na kamatayan ni Pablo

(3) Ano ang layunin ni Pablo sa pagsulat ng 1 Timoteo?

Upang magbigay ng mga tagubilin kay Timoteo at upang hikayatin si Timoteo

(4) Paano nagpapatibay ang patotoo ni Pablo kay Timoteo kapag nakaharap sa mga huwad na guro?

Si Pablo ay naging isang kalaban ng ebanghelyo at nakatanggap ng awa. Ito ay nagpapakita ng kapangyarihan ni Kristo na bumago ng buhay.

(5) Ilista at tukuyin ang dalawang tungkulin sa unang iglesya.

- Nagturo at nangaral ang mga Obispo. Inalagaan nila ang kawan, lalo na ang mga espirituwal na pangangailangan.
- Responsibilidad ng mga diakono ang tungkol sa mga pisikal na serbisyo.

(6) Ano ang relasyon ni Tito kay Pablo?

Si Tito ay isang Hentil na malamang na nagbalik-loob sa ilalim ng ministeryo ni Pablo at naging isa sa kanyang mga katuwang sa gawain.

(7) Ano ang layunin ni Pablo sa Liham kay Tito?

Upang gabayan si Tito sa pagtatayo ng lokal na iglesya

(8) Ano ang dalawang motibasyon para sa mabuting gawa na ibinigay ni Pablo sa Tito?

- Upang ang salita ng Diyos ay huwag malapastangan
- Upang pagandahin ang doktrina ng Diyos

(9) Paano naaangkop si Juan Marcos sa mensahe ni Pablo tungkol sa katapatan sa 2 Timoteo?

Si Juan Marcos ay minsan nang umalis sa grupo ng pagmimisyon ni Pablo at umuwi. Gayunpaman, 15 taon pagkalipas noon, pinatunayan niya ang kanyang pagtatalaga sa sarili at katapatan.

(10) Ilista ang apat na paraan kung saan ang mga Liham sa Pastor ay nagsasalita sa iglesia sa kasalukuyan.

- Ang kahalagahan ng tamang doktrina
- Kwalipikasyon para sa mga lider ng iglesya
- Ang kahalagahan ng mabuting gawa bilang pagpapahayag ng ebanghelyo
- Isang tawag sa panghabang-buhay na katapatan.

Aralin 10
Hebreo at Santiago
Pangkalahatang mga Liham – Unang Bahagi

(1) Bakit tinatawag na "Pangkalahatang Liham" ang mga aklat mula sa Hebreo hanggang sa Judas?

Walang tiyak na tagapakinig na sinulatan o kaunti lamang ang nalalaman natin sa taong sinulatan.

(2) Ilista ang dalawang pangangatwiran sa pagsang-ayon na si Pablo ang may-akda ng mga *Hebreo.*

Alinmang dalawa:

- Ang diin nito sa pagkatao at gawain ni Kristo
- Ang kaugnayan ng may-akda kay Timoteo
- Ang basbas sa huling kabanata

(3) Ilista ang dalawang pangangatwiran laban kay Pablo bilang may-akda ng mga Hebreo.

- Hindi nito ginamit ang pariralang si Kristo Hesus.
- Wala itong pagbati tulad ng iba pang mga liham ni Pablo.

(4) Ilista ang dalawang paraan kung saan ang Aklat ng mga Hebreo ay nagpapakita ng malaking paggalang sa Lumang Tipan.

- Ang mga bayani sa Hebreo 11 ay hinango mula sa Lumang Tipan.
- Ang mga aral na itinuro sa Hebreo ay batay sa mga teksto mula sa Lumang Tipan.

(5) Paano mas mahusay ang Bagong Tipan kaysa sa Lumang Tipan?

Ang Bagong Tipan ay ang katuparan ng pangakong ginawa sa Lumang Tipan.

(6) Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng *backsliding* at *apostasy*?

Maaaring resulta ang backsliding ng kasalanan o kawalan ng pananampalataya; Kaugnay sa *apostasy* ang pagtanggi sa katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano.

(7) Kailan sumampalataya si Santiago na kapatid ni Hesus, kay Hesus bilang Mesiyas?

Pagkatapos ng muling pagkabuhay ni Hesus

(8) Batay sa pagbati, sino ang malamang na tagapakinig para sa Sulat ni Santiago?

Mga Hudyong Kristiyano na naninirahan sa labas ng Jerusalem at Judea

(9) Sa isang talata, ipakita ang relasyon sa pagitan ng Santiago 2:24 (ang isang tao ay nabigyang-katwiran sa pamamagitan ng gawa, at hindi sa pananampalataya lamang) **at Roma 3:28** (ang isang tao ay nabigyang-katwiran sa pamamagitan ng pananampalataya na walang mga gawa ng batas).

Ang Santiago ay nakatuon sa mga taong nag-aakala na ang pananampalataya ay hindi hihigit sa mental na pagsang-ayon lamang sa katotohanan. Ang Roma ay isinulat sa mga taong nagsisikap na makamit ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagsunod sa Batas. Ipinakikita ni Santiago na ang tunay na pananampalatayang nakapagliligtas ay magreresulta sa pagbabago sa buhay.

(10) Ilarawan ang *antinomianismo.*

Ang maling pagtuturo na ang mga Kristiyano ay walang obligasyon na sundin ang etikal o moral na batas

Aralin 11
Pedro, Juan, at Judas
Pangkalahatang mga Liham: Ikalawang Bahagi

(1) Ano ang tinatayng kahulugan ng "Babilonia" sa pagbati ni Pedro?

Ito ay tumutukoy sa Roma bilang kaaway ng bayan ng Diyos.

(2) Ano ang pangunahing panganib na nahaharap sa iglesya sa 1 Pedro?

Pag-uusig

(3) Ano ang pangunahing panganib na nahaharap sa iglesya sa 2 Pedro?

Maling pagtuturo

(4) Ano ang dalawang posibleng interpretasyon ng pariralang "ang hinirang na babae at ang kanyang mga anak" sa 2 Juan?

- Isang babae na nagpapahintulot sa isang iglesya na magtipon-tipon sa kanyang bahay.
- Isang lokal na iglesya at mga miyembro nito.

(5) Anong dalawang katotohanan ang mahalaga sa pagtuturo ng 1 Juan tungkol sa kasalanan?

- Nagbibigay ang Diyos ng lakas para sa matagumpay na buhay.
- Nagbibigay ang Diyos ng mapagpatawad na biyaya para sa mga nahulog sa kasalanan at nagsisi.

(6) Ayon sa 1 Juan, anong tatlong katangian ang makikita sa sinumang anak ng Diyos?

- Pagsunod sa katotohanan
- Walang sinasadyang kasalanan
- Pag-ibig sa ibang mga Kristiyano

(7) Ano ang pangunahing layunin ng 3 Juan?

Upang magturo tungkol sa Kristiyanong *hospitality o pagtanggap.*

(8) Ano ang kaugnayan ni Judas at ni Hesus?

Magkapatid sa ina

Aralin 12
Pahayag: Si Hesus ay Panginoon

(1) Ano ang ibig sabihin ng pariralang "Si Caesar ay *Dominus et dues noster*" sa unang siglo?

Si Caesar ang ating panginoon at diyos.

(2) Nasaan ang Isla ng Patmos?

Isang maliit na isla sa Dagat Aegean.

(3) Ano ang tinatayang petsa para sa Pahayag?

Bandang huli sa paghahari ni Domitian (A.D. 81-96)

(4) Ilista ang tatlong paraan kung saan inihayag ni Juan ang mensahe na si Hesus ay Panginoon.

- Ang mga mensahe sa Pitong Iglesya.
- Isang pangitain ng Diyos sa kanyang trono at si Hesus bilang ang Matagumpay na Kordero
- Isang pananaw sa kasaysayan mula sa pananaw ng langit

(5) Ilista ang dalawang katangian ng apocalyptic literature.

- Paggamit ng mga simbolo
- Paggamit ng mga pangitain

(6) Maikling ukuyin ang bawat isa sa apat na pananaw ng Pahayag.

- Preterist View: Ang Pahayag ay naganap sa Imperyong Romano.
- Pangkasaysayang Pananaw: Ang Pahayag ay isang simbolikong pananaw sa kasaysayan ng iglesya.
- Idealistang Pananaw: Ang Pahayag ay purong simbolo lamang ng labanan sa pagitan ng mabuti at masama.
- Futurist View/Pananaw sa Hinaharap: Ang Pahayag 4-22 ay sa hinaharap.

(7) Ilista ang apat na pananaw sa hinaharap ng mga futurists.

- Classical premillennialism – klasikong bago ang libong taon/milenyo
- Dispensational premillennialism
- Postmillennialism – Pagkatapos ng libong taon
- Amillennialism – Kasabay sa libong taon

(8) Ilista ang tatlong pangunahing tema sa Pahayag.

- Si Hesus ay Panginoon
- Ang Diyos ang May Kontrol.
- Tagumpay Para sa Bayan ng Diyos

Aralin 13
Mga Isyu sa Bagong Tipan sa Iglesia Ngayon

(1) Ano ang kahulugan ng salitang "kanon" sa pagtukoy sa Bagong Tipan?

Isang panuntunan o pamantayan para sa pagpapasiya kung aling mga kasulatan ang kinasihang Salita ng Diyos

(2) Ilista ang dalawang dahilan para sa pagbuo ng Bagong Tipan kanon.

- Maling pagtuturo
- Pag-uusig

(3) Ilista ang tatlong pamantayan na ginagamit sa pagtatatag ng kanon ng Bagong Tipan.

- Ang may-akda ay dapat na isang apostol o kasama ng isang apostol.
- Ang mensahe ay hindi dapat sumasalungat sa Lumang Tipan. Dapat itong tapat sa mensahe ni Hesus. Kailangan itong espirituwal na nakakapagpatibay.
- Ang aklat ay dapat tanggapin ng buong iglesya.

(4) Tukuyin ang Apocrypha.

Mga aklat na nagaangkin bilang sagradong mga kasulatang Kristiyano, ngunit tinanggihan ng iglesyang Kristiyano.

(5) Bumanggit ng dalawang sinaunang Kristiyanong manunulat na humamon sa mga heresies.

- Si Tertullian
- Si Ireneo

(6) Ang terminong "integridad na tekstuwal" ay tumutukoy sa anong isyu na may kaugnayan sa Bagong Tipan?

Ang teksto ba na natanggap natin ay parehong-pareho sa orihinal na mga manuskrito?

(7) Ihambing ang manuskritong katibayan para sa Bagong Tipan sa manuskritong katibayan para sa *Iliad* ni Homer.

- Higit sa 5,000 manuskrito ng Bagong Tipan kumpara sa 643 manuskrito ng Iliad.
- Ang manuskrito ng Bagong Tipan ay may petsang mula sa mas mababa sa 100 taon pagkatapos ng komposisyon. Ang pinakamaagang mga manuskrito ng Iliad ay may petsang mula 500 taon pagkatapos ng komposisyon.